



**PANAWAGAN NG PAKIKIISA NG PAMBANSANG KOMISYON LABAN SA KAHIRAPAN - KONSEHO NG SEKTOR NG ARTISANONG MANGINGISDA (NATIONAL ANTI-POVERTY COMMISSION - ARTISANAL FISHERFOLK SECTORAL COUNCIL OR NAPC-AFSC) SA ARAW NG PAGGAWA (LABOR DAY) SA IKA-1 NG MAYO, 2020**

Sa gitna ng krisis na kinakaharap ng bansa dulot ng Pandemyang Corona Virus Disease (COVID-19) ay patuloy parin sa paggampan ng sinumpaang tungkulin ang bawat Kawani ng Pamahalaan, Pribado/Pampublikong Sektor, Batayang Sektor at lalo na ang mga Manggagamot at Kawani ng mga Ospital. Bawat isa sa kanila ay may mahahalagang papel sa pamamahala ng taong-bayan laban sa Pandemyang ito.

Sa bahagi ng Batayang Sektor, isa sa kinakatawan namin ay ang Sektor ng Mangingisda (Babae at Lalaki), binubuo kami ng Rehistradong Organisasyon o Indibidwal na siyang itinuturing na isa rin sa Frontliners bago pa man lumaganap ang National Health Emergency sapagkat kami ang Manggagawa ng Pangisdaan na nagpapalaki, nangangalaga, nanghuhuli, nagpoproseso at naghahatid ng Pagkain sa bawat hapag ng bawat Pilipino.

Sa panahong ito, patuloy ang pagtitiyak ng “Value-added Fisheries Products” ng mga Mangingisda sa tulong ng Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Tubig (DA - Bureau of Fisheries and Aquatic Resources or DA-BFAR).

Kaya, sa pakikiisa namin sa Araw na ito ng Paggawa ay nananawagan ang lahat ng Sektor ng Pangisdaan na kilalanin ng pamahalaan, maging ng pribadong sektor ang malaking ambag naming Mangingisda sa Ekonomiya ng Pilipinas at suportahan ang aming Karapatan sa bawat programa ng gobyerno na siyang makakatulong sa amin upang mapanatili, mapaghusay at mapagyaman pa ang “Masaganang Ani at Mataas na Kita sa Pangisdaan”.

Asahan ninyo na kami ay patuloy na tutulong sa pagsiguro ng sapat na isda na kailangan ng bawat Pilipino sa tulong ng Kagawaran ng Pagsasakat at Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang-Tubig o DA-BFAR) at makikipagtulungan kami sa pagsugpo ng COVID-19 Pandemic sa pamamagitan ng “participatory governance”.

Saludo kaming lahat na mangingisda sa mga manggagawa ng pamahalaan lalo na sa mga Frontliners ng ospital na lumalaban upang masugpo na ang pandemyang ito.

Mabuhay ang Manggagawang Pilipino sa labas at sa loob ng Bansang Pilipinas.